

# Social-Distancing na mga Selebrasyon at Pagdiriwang sa Pagpapanatili ng Kulturang Laguneño

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 32-40  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

Imelda G. Carada, PhD.<sup>1</sup>, Justine D. Dones<sup>2</sup>, Marie Fe M. Uichangco<sup>3</sup>,  
Christian Maria Amor C. Palacio<sup>4</sup>

Laguna State Polytechnic University San Pablo City Campus<sup>1,4</sup>

Sta Filomena Integrated School<sup>2</sup>

Crecencia Drusila Lopez Senior High School<sup>3</sup>

*imelda.carada@lspu.edu.ph*<sup>1</sup> *justine.dones@deped.gov.ph*<sup>2</sup>,

*mariefe.uichangco@deped.gov.ph*<sup>3</sup>, *christianmaria.palacio@lspu.edu.ph*<sup>4</sup>

*Date Received: November 15, 2021 ; Date Revised: January 20, 2022*

**Abstract** - More than its richness on natural resources, Philippines is also known to its distinct culture. The Filipino are famous for being joyful, festive and family-oriented (National Economic and Development Authority, 2017). In this sense, Filipino families tend to celebrate together even the smallest achievement attained by one of their family members. However, when the 2019 Novel Coronavirus spread throughout the world, our concept of gathering and celebration change. In 2020, the Department of Health announced the rigid implementation of social distancing in public and private areas to prevent the further spread of the virus. Meanwhile, according to the Philippine Development Plan (2017), the country should promote Filipino culture, thus family gatherings and celebrations should strengthen. With this regard, the researchers conducted a study about family celebration and cultural preservation amidst pandemic. This study determined the relationship between the implementation of social distancing and Filipino styles of celebration on preserving culture, specifically in Laguna. Moreover, the variables of this study include the profile of the respondents and their perceptions on celebrating birthdays, weddings, fiestas and Christmas in the context of social distancing. The study showed that the profile of the respondents, except their age, has no significant relationship on maintaining culture. On the other hand, Filipino's celebrations and gatherings amidst pandemic revealed a significant relationship on preserving Filipino culture in Laguna. This study proves that despite the pandemic, Filipinos were able to celebrate special occasions while following health protocols. Thus, it helps on keeping the Filipino's way of celebration.

**Keywords:** *celebration, culture, Laguneño, preservation, social distancing*

**Abstract** – Ang Pilipinas ay hindi lamang kilala sa angking likas-yaman nito, kundi pati na rin sa mayamang kulturang nakapaloob dito. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging masiyahin, festive at malapit sa pamilya (National Economic and Development Authority, 2017). Dahil dito, kapansin-pansin na kahit ang simpleng tagumpay ay lubos pa rin nilang ipinagdiriwang sa pamamagitan ng salo-salo. Lingid sa ating kaalaman, ang paglaganap ng 2019 Novel Coronavirus ay nakapagpabago sa ating kasalukuyang pakikisalamuha sa ibang tao. Noong 2020, ipinagpatibay ng Kagawaran ng Kalusugan ang social-distancing sa mga pampubliko at pribadong lugar upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Samantala, nasasaad sa Philippine Development Plan (2017) ang pagtataguyod ng kulturang Pilipino. Kaugnay nito, nagsagawa ang mga mananaliksik ng isang pag-aaral na nakatuon sa social-distancing na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño upang maunawaan ang kaugnayan ng social-distancing sa istilo ng selebrasyon at pagdiriwang ng mga Pilipino sa pagpapanatili ng Kulturang Laguneño. Tinangka ding alamin ng mga mananaliksik kung may kaugnayan ba ang profayl at pananaw ng mga tagasagot sa social-distancing na selebrasyon at mga pagdiriwang gaya ng kaarawan, kasalan, kapistahan at Paskong Pinoy sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Napatunayan sa pag-aaral na ang profayl ng mga tagasagot ay walang kaugnayan subalit lumabas sa pag-aaral na ang edad ay nagpakita na may malaking kaugnayan sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa tradisyon. Lumabas din sa pag-aaral na ang social-distancing na mga selebrasyon at pagdiriwang batay sa kaarawan, kasalan, kapistahan at Paskong Pinoy ay may malaking kaugnayan sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Pagpapatunay lamang ito na nakatulong ng bahagya ang social-distancing na selebrasyon at pagdiriwang sapagkat ito ay naging tulay upang kahit paano ay maitawid at maisagawa ang ilang selebrasyon bagaman hindi lubos ang pagsasakatuparan.

**Mga susing salita:** *kultura, Laguneño, pagpapanatili, selebrasyon o pagdiriwang, social distancing*

## PANIMULA

Ang kultura ay set ng mga paniniwala, pagpapahalaga, layunin at mga gawaing pinagsasaluhan ng mga tao sa isang organisasyon, institusyon o lipunan [1]. Ito rin ay pangkabuoang pananaw ng mga tao sa isang lipunan sa mundo at kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa mga paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-uugnay at nagpapatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpalaganap sa pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian at adhikain [2]. Ilan sa mga tampok na kultura sa Pilipinas ay ang pagsasagawa ng selebrasyon at pagdiriwang gaya ng kaarawan, kasalan, kapistahan at Kapaskuhan. Hindi uusbong at lalago ang kultura kung hindi isasabuhay at isasakilos ng mga taong nakapaloob sa isang kultura. Ito rin ay pangkabuoang sistemang nagaganap kalakip ang pagsasagawa ng mga nasimulang gawaing sa tulong ng obserbasyon ng mga kaugaliang nakapaloob sa grupo. Ito ay pangmatagalan at sumasabay sa nagbabagong mundo [3].

Mababakas na isa ang Laguna sa may mayamang kultura na napananatili hanggang sa kasalukuyan. Makikita sa mga istruktura sa lalawigan kung paano ito pinahahalagahan at iniingatan. Sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga tradisyon, kaugalian at paniniwala sa bawat salinlahi nagagawang mapreserba ang mga ito. Kaya naman hindi maikakaila na makulay, maningning at magarbo ang bawat selebrasyon na ipinagdiriwang sa anumang okasyon sa Laguna.

Isa sa magpapatunay nito ay ang pagdiriwang ng iba't ibang festival tuwing kapistahan ng patron sa bawat bayan ng Laguna. Pinakatampok ang selebrasyon ng *Anilag Festiva* na idinaraos sa kabisera ng lalawigan. Ipinagdiriwang ito tuwing buwan ng Marso bilang pasasalamat sa lahat ng biyayang tinatamasa ng lalawigan. Ipinakikita rin dito ang iba't ibang produkto mula sa bawat bayan na dinarayo ng mga karatig na lalawigan. Matutunghayan din ang iba't ibang kaugalian, paniniwala at tradisyon ng bawat bayan na siyang itinampok ng nasabing selebrasyon.

Likas na sa mamamayang Laguneño ang pagdiriwang ng iba't ibang selebrasyon bilang pasasalamat. Bukod sa nabanggit na selebrasyon ng mga kapistahan, lubos ding pinaghahandaan ng mga ito ang pagdiriwang ng kanilang kaarawan kung saan ay nagkakaroon ng pagkakataon na magsama-sama ang magkakaanak upang mapagsaluhan ang mga pagkaing inihanda. Ang panunuluyan din ay

kaugaliang Pilipino na makikita sa mamamayang Laguneño sa kahit anumang okasyon lalo't higit sa paghahanda sa pag-iisang dibdib o pagpapakasal. Dito matutunghayan ang iba't ibang kaugalian at paniniwala na isinasagawa upang maging maganda ang pagsasama ng magkasintahang kakasalin. Ilan sa halimbawa ng tradisyon na naisasagawa ay ang pagsasabit sa kinasalan upang may magamit bilang panimula ang ikinasal.

Masasalamatin din kung paano pinahahalagahan ng mga mamamayang Laguneño ang pagdiriwang ng Kapaskuhan. Kung saan pagsapit palang ng buwan ng Setyembre ay kani-kaniya nang paghahanda. Naglalagay ng mga dekorasyon sa kani-kanilang mga tahanan. Naghahanda ng mumunting aginaldo para sa mga mahal sa buhay. Nagkakaroon ng pagtitipon at pagsasalo ang buong pamilya. Ilan lang ito sa mga selebrasyon na isinasagawa ng mga mamamayang Laguneño na siyang nagpapakita ng yaman ng kultura na mayroon sa lalawigan.

Ngunit sa gitna ng pandemiya, ang kultura ng pagsasagawa ng iba't ibang selebrasyon at pagdiriwang ay unti-unting inaagaw at nawawala. Mahirap paniwalaan na ang dating nakasanayan ay napipigilan at nalilimitahan. Malinaw ang naging panuto at patakaran ng World Health Organization (WHO) na ang kaparaanan upang makaiwas sa pandemiyang tinawag na *corona* ay pagsusuot ng *facemask* at *face shield* sakaling lalabas ng tahanan, maging ang paglalayo-layo o *social distancing* ay mariing ipinapatupad. Iniiwasan at nililimitahan ang maramihang pagsasama-sama ng mga tao sa isang lugar kaya't lubos na naapektuhan ang mga nakagisnang pagsasagawa ng selebrasyon at pagdiriwang.

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa mga konseptong nakapaloob sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Inalam ng pananaliksik na ito kung paano maaaring mapanatili ang nasabing kultura sa kabila ng sitwasyong kinahaharap hindi lamang ng lng Laguna maging ng buong mundo. Sinasabi nga na ang kultura ang pangkabuoang pananaw ng tao sa isang lipunan at sa mundong kanilang ginagalawan [4]. Ang pananaw na ito ay hango sa mga paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-uugnay sa kanila at nagpapatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap sa kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian, at adhikain

Kaugnay nito, binanggit sa teorya ni Cicero [5] na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng

pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao. Ito ay isang pangkat ng pinagsasaluhang mga ugali, pagpapahalaga, mga layunin, at mga gawain na nagbibigay ng katangian sa isang institusyon o panimulaan, organisasyon, o pangkat.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pananaliksik na ito na malaman ang pananaw ng mga tagasagot sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang batay sa kaarawan, kapistahan, kasalan at Paskong Pinoy, ang kaugnayan nito sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon at kaugalian. Ninanais din ng mga mananaliksik na matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot at *social-distancing* na mga selebrasyon sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Mabatid ang kalagayan ng mga selebrasyon at pagdiriwang na nabanggit sa panahon ng *social-distancing* at kung paano ito napapanatili.

#### MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

##### DISENYO NG PANANALIKSIK

Ang disenyong *descriptive correlational* na kinapapalooban ng paglalarawan ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito. Ito ang nagbigay ng mga makatotohanang datos sa kasalukuyang sitwasyon tungkol sa uri ng pangkat ng tao, mga bagay at pangyayari na maaaring nangangailangan ng pagtatala, pagsusuri, klasipikasyon, pagbilang o panukat. Ayon aklat ni Garcia, ang deskriptibong pananaliksik ay kinabibilangan ng lahat ng mga pag-aaral na magpapakahulugan sa kasalukuyang katotoohan na may kinalaman sa kalagayan ng anumang paksa [6].

Ang pag-aaral na ito ay maituturing na *descriptive correlational* na ginamitan ng pagsusuring kritikal ngunit may mga patnubay na tanong. Isinagawa ang iba't ibang kasanayang nalinang sa mga tagasagot. Ang pananaliksik na ito ay gagamitan ng *descriptive correlational* na pamamaraan upang matukoy at masagot ang nilalayon ng pag-aaral na *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño.

##### MGA TAGASAGOT

Sa pag-aaral, ang mga tagasagot ay mga mamamayan sa piling bayan ng Laguna na may kabuoang bilang na isangdaan (100). Sa gagawing pagsisiyasat ay kukuhanin ang palagay at pananaw ng mga tagasagot hinggil sa paksa ng pag-aaral.

#### INSTRUMENTASYON

Ang mananaliksik ay gumawa ng talatanungang tumatalakay sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Matapos na masuri at maiwasto ng mga eksperto ang talatanungan ay ipinamahagi na ng mga mananaliksik sa mga tagasagot na may kabuoang bilang na isangdaan (100) na mga mamamayan sa piling bayan sa Laguna. Ang nasabing talatanungan ay sumailalim sa mga eksperto sa larangan ng kultura at panitikan. Tatlong dalubhasang guro ng unibersidad ang nagsuri at nagwasto para sa kaangkupan, balidasyon at kawastuhan ng talatanungan para sa mga tagasagot. Ang nabuong instrumento ay pinasagutan ng mga mananaliksik sa mga mamamayan na naninirahan sa Laguna.

Ang mga datos na nakalap ay ginamitan ng iba't ibang pamamaraang istatistika upang bigyang-interpretasyon o paliwanag ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral.

Upang malaman ang nilalayon ng pag-aaral na *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño ay gumamit ng pormulang Kendall's Tau at Spearman upang mailarawan ang mga datos at maanalisa sa istatistikong pamamaraan. Ang resulta nito ang ginamit ng mga mananaliksik upang malaman ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral na *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño.

#### PARAAN NG PANGANGALAP NG DATOS

##### Pagsasagawa ng sarbey, pakikipananayam sa mga tagasagot at pagpapasagot sa talatanungan.

Sa bahagi naman ng pagbibigay ng talatanungan: Una, ang mga mananaliksik ang gumawa ng mga katanungan na nauukol sa kanilang pansariling pagkakakilanlan, pananaw sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang batay sa kaarawan, kapistahan, kasalan, at Kapaskuhan. Maging ang pananaw sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon, at kaugalian. Pangalawa, ipinabalido ang talatanungang nabuo sa mga eksperto upang matiyak ang kawastuhan at kaangkupan ng talatanungan sa isinagawang pananaliksik. Ikatlo, isinaalang-alang ang puna at payo ng mga eksperto sa pagbuo ng talatanungan at ito ay inilapat na sa *google form*. Ikaapat, dumaan din ang talatanungan sa *pilot testing* at ipinamahagi ito sa pamamagitan ng pagpapasagot sa *google form* kung saang tumugon ang apatnapung

mamamayan na mula sa lalawigan ng Laguna, dumaan din ito sa istatistikal na pagsusuri sa pagtaya ng *reliability* at *validity* upang matiyak kung ito ay ang angkop sa pag-aaral. Ikalima, matapos na mapagtibay ang talatanungan ay isinagawa na ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos na kinabibilangan ng isangdaang mamamayan mula sa Laguna. Ikaanim, ang mga datos na natipon at nakalap ay ginawan ng *data matrix* at nilapatan ng istatistikal na pagsusuri upang makita ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral. Inayos sa talahanayan, inalis at binigyang interpretasyon ang pananaliksik at huli, inilagay ang mahahalagang impormasyong nalikom sa isang maayos na pagkakahayan sa nararapat nitong lugar sa pananaliksik. Panghuli, ang mga nakalap na impormasyon at datos ay naging batayan ng mananaliksik upang makabuo ng sapat at mabigyang kasagutan ang suliranin ng pag-aaral.

#### ETIKAL NA KONSIDERASYON

Bago isagawa ang pag-aaral at pagpapasagot ng talatanungan, ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa tanggapan ng turismo sa lalawigan ng Laguna upang maisagawa ang pananaliksik na may kinalaman sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Kaugnay ng paghingi ng pahintulot ay ang pagbibigay ng katiyakan sa kaligtasan ng mga tagasagot at kasiguruhan sa pagpapanatiling konpedensiyal ng kanilang mga datos at iskor. Ipinaalam din sa mga tagasagot ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral.

#### PAGSUSURI SA DATOS

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aanalisa o pagsusuri sa mga datos ay ang Kendall's Tau at Spearman upang mailarawan ang mga datos at maanalisa sa istatistikong pamamaraan. Ang resulta nito ang ginamit ng mananaliksik upang malaman ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral na *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño.

#### RESULTA AT PAGTALAKAY

Ipinapakita ng mga talahanayan sa ibaba ang pananaw ng mga tagasagot sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño.

Batay sa profayl ng mga tagasagot, ang karamihan ng naging tagasagot ay edad dalawampu't lima hanggang dalawampu't siyam (25-29). Ang kabuoan ng mga tagasagot ay may bilang na isangdaan (100).

*Talahanayan 1. Profayl ng mga Tagasagot batay sa Edad*

Edad	Frequency	Percent
17-Pababa	2	2.0
18-24	22	22.0
25-29	23	23.0
30-34	16	16.0
35-39	9	9.0
40-44	10	10.0
45-49	6	6.0
50-Pataas	12	12.0
Total	100	100.0

Ayon sa pag-aaral ni Villamin, ang edad ay tumutukoy sa haba ng buhay ng isang indibiduwal. Ang bawat indibiduwal ay nagkakaedad nang may pagkakaiba batay sa kanilang namanang kakayahan, edukasyong natapos at paraan ng pamumuhay. Ang pagtanda ng pisikal na katawan ay kasabay ng pagtanda ng pag-iisip [7].

*Talahanayan 2. Profayl ng mga Tagasagot batay sa Kasarian*

Kasarian	Frequency	Percent
Lalaki	35	35.0
Babae	65	65.0
Total	100	100.0

Sa profayl naman ng tagasagot batay sa kasarian, makikita sa talahanayan na ang kababaihan ay may animnapu't limang (65) bilang at ang kalalakihan naman ay may tatlungnapu't limang (35) bilang na may kabuoang isangdaan (100).

Nabanggit ni Alibutod napakalaki ng pagkakaiba ng lalaki sa babae sa usaping kognitibong pananaw, ang mga lalaki ay nakapag-iisip sa paraang malikhain samantalang ang mga babae ay nag-iisip sa paraang pangkaraniwan [8].

*Talahanayan 3. Profayl ng mga Tagasagot batay sa Kalagayang Sibil*

Kalagayang Sibil	Frequency	Percent
Dalaga	36	36.0
Binata	15	15.0
Kasal	46	46.0
Balo	2	2.0
Biyudo	1	1.0
Total	100	100.0

Sa profayl naman ng tagasagot batay sa kalagayang sibil, kapansin-pansin sa talahanayan na ito na ang karamihan ng mga tagasagot ay kasal na at sinundan ng mga dalaga, binata, balo at biyudo.

Ang kalagayang sibil naman ay nangangahulugang walang relasyon, hiwalay, *divorce*, biyuda/biyudo sa isang relasyon [9]. Ang katayuan ng isang indibiduwal na may kaugnayan sa matrimonya ng kasal ay ang mga sumusunod: (1) “Walang relasyon” – taong hindi pa nakakasal o nagkakaroon ng relasyon; (2) “Kasal” – magkapareha na nagsasama bilang mag-asawa; (3) “Divorced” – taong legal na nawalan ng basbas ng kasal at maaaring mag-asawang muli; (4) “Hiwalay” – taong legal na hiwalay sa kaniyang asawa dahil sa hindi pagkakaunawaan; (5) “Biyuda/Biyudo” – taong namatayan ng asawa.

*Talahanayan 4. Social-Distancing na mga Selebrasyon at Pagdiriwang*

	<i>Mean</i>	<i>SD</i>	<i>Interpretasyon</i>
<i>Kaarawan</i>	2.92	0.78	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>
<i>Kapistahan</i>	2.21	0.98	<i>Di-Sumasang-ayon</i>
<i>Kasalan</i>	2.71	0.93	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>
<i>Paskong Pinoy</i>	2.81	0.81	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>

Ang talahanayan 4 ay magpapaliwanag ng *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang. Ang *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang ay may sub-baryabol na kaarawan, kapistahan, kasalan at Paskong Pinoy. Batay sa kaarawan, nakalakap ng datos na may *mean* na 2.92 at *SD* na 0.78 na may interpretasyong di-gaanong sumasang-ayon. Ipinapakita nito batay sa naging resulta ng mga tagasagot na marami pa rin ang nakapagdiriwang at may mga selebrasyon pa rin na naisasagawa ngunit ito ay limitado at sa payak na pamamaraan lamang. Ang mga nakasanayang gawain sa bawat kaarawan ay unti-unti nababago dahil sa bagong kadawyan na tinatawag.

Ang pagdiriwang ng araw ng kapanganakan ng isang indibiduwal ay matagal nang isinasagawa mula pa noong sinaunang panahon [10]. Pinaniniwalaang ang mga Romano ang kauna-unahang nagsagawa ng taunang pagdiriwang ng kaarawan bilang pagkilala sa kanilang mga kapamilya,

kaibigan kasama ang pag-aabot ng panalangin at regalo. Nagkakaiba-iba lamang ng pamamaraan ng pagdiriwang batay sa kinabibilangang kultura, relihiyong pinaniniwalaan, heograpikal na lokasyon at pagsasabuhay ng mga ritwal.

Sa naging resulta naman ng kapistahan batay sa nakalap na datos na may 2.21 na *mean* at *standard deviation* na 0.98, ito ay may interpretasyong hindi sumasang-ayon. Sa pag-aaral na ito, makikitang malaki ang naging epekto ng *social-distancing* sa selebrasyon at pagdiriwang ng kapistahan. Ang makulay at mataong selebrasyon ng kapistahan, unti-unti itong napalitan ng ibang pamamaraan na maiaangkop sa kalagayan sa kasalukuyang panahon. Ganoon pa man mababakas pa rin ang ningning at ganda ng bawat selebrasyon at pagdiriwang sa bawat bayan na nagpapakita ng pagiging positibo sa kabila ng masalimuot na pangyayari. Nagagawa pa ring gunitain ang kapistahan bilang pasasalamat sa biyayang nakakamtan.

Ayon sa aklat na “*Festival Encounters: Theoretical Perspective on Festival Events*”, binigyang pagpapakahulugan ang kapistahan bilang isang gawaing may angking kabuluhan sa maraming komunidad sa buong mundo. [11]. Maaaring taglayin ng kapistahan ang kabuluhan ng mga kasaysayan, relihiyon, kultura, tradisyon na isang mahalagang bahagi sa pagbuo at paghubog ng isang buhay na komunidad. Pinag-uugnay ng kapistahan ang komplikadong relasyon sa pagitan ng magkakaibang lugar, lahi, pamumuhay, pagkakakilanlan at gawi. Ang kapistahan ang dahilan ng pagkikita-kita ng iba’t ibang pangkat ng tao sa paraang sila ay nakikipagkapuwa-tao. Dagdag pa, ang kapistahan ang nag-uugnay sa nakaraang kinamulatan at nakagawian sa kasalukuyang paniniwala at karanasan.

Batay sa artikulo na “*Festival Quality, Self-Connection and Bragging*”, ang kapistahan ay nagbibigay at nagbubukas ng oportunidad o pagkakataon na makapaghain ng karanasan at makahatak ng mga bisitang unang beses palang at mga bisitang bumabalik. Ang pagsasalin-salin ng kuwento tungkol sa mga nangyayari sa kapistahan na nagmula sa mga nakaranas na ang siyang ibinabahagi sa mga bagong bisita sa naturang kapistahan. Nakadadagdag-hikayat ang mga sabi-sabi sa lakas ng hatak ng mga magiging bisita lokal man o turista sa isinasagawang kapistahan. Kasabay ng mga sabi-sabi ang mga pagmamalaki sa mga napansin at napuna sa dinaluhang kapistahan. [12].

Ang kasalan naman batay sa nakakalap na datos na may *mean* na 2.71 at 0.93 na *standard deviation* na ang interpretasiyon ay di-gaanong sumasang-ayon. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ipinapakita na sa selebrasyon at pagdiriwang ng kasal sa panahon ng *social-distancing* ay may malaking pagbabago lalo't higit sa mga nakasanayan at nakagawiang pag-iisang dibdib, ngunit makikita pa rin na walang pagbabagong naganap sa seremonya ng kasal bagkus ay nagkaroon lamang ng kaunting adaptasiyon na inayon sa kasalukuyang sitwasyon dulot ng pandemiya. Ang pagpapatupad ng *social-distancing* sa panahon ngayon ay kailan ma'y hindi magiging hadlang sa dalawang taong nag-iibigan at handang manumpa sa kanilang pagmamahalan.

Panghuli ay ang Paskong Pinoy, ito ay may 2.81 na *mean* at 0.81 na *standard deviation* na nagpapakita ng interpretasyong di-gaanong sumasang-ayon. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ipinapakita na ang pagdaraos ng salu-salo sa pamamagitan ng isang noche buena ay naisasagawa pa rin sa panahon ng *social-distancing* samantalang ang pagkakaroon ng *reunion* ng bawat kaanak ay hindi naisasagawa sa kasalukuyan.

Sa kabuoan ng talahanayang ito, makikita na ang mga tagasagot ay nagbigay ng pananaw na di-gaanong sumasang-ayon sa pagdiriwang ng mga sumusunod na selebrasyon tulad ng kaarawan, kapistahan, kasalan at Paskong Pinoy sa panahon ng pandemiya kalakip ang *social-distancing protocols*. Makikita rin na ang selebrasyon ng mga tagasagot ay nakatuon lamang sa simpleng salo-salo dahil sa pandemiya.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon, at kaugalian. Dito makikita na batay sa paniniwala, ang nakalap na datos ay may *mean* na 3.39 at *standard deviation* na 0.91 na nagpapakita ng di-gaanong sumasang-ayon na interpretasiyon. Matutunghayan sa naging resulta ng pag-aaral na bagaman nagiging limitado ang galaw ng bawat isa upang ipagdiwang ang iba't ibang okasyon, naniniwala pa rin ang nakararami na ang pagsasagawa ng mga paniniwala kaugnay sa mga pagdiriwang na ito ay mahalaga. Sa pamamagitan nito mas napapayaman ang kultura. Nagagawang maisalin sa mga susunod na henerasyon upang mas lalong pagyamanin. Sa dyornal na "*Two Kinds of Belief in Plato*" na mababasa sa *Journal of the History of Philosophy*, may dalawang pagpapakahulugan si Plato

hinggil sa paniniwala, una: ang paniniwala ay unang nangyayari at nagaganap "ayon sa pag-iisip" hanggang sa maabot ang "pagbubuo ng iniisip". Ikalawa, ang paniniwala ay nangyayari at nagaganap sa pamamagitan ng "pandama at pananaw" ng isang indibiduwal [13].

#### Talahanayan 5. Pagpapanatili ng Kulturang Laguneño

	<i>Mean</i>	<i>SD</i>	<i>Interpretasyon</i>
<i>Paniniwala</i>	3.39	0.91	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>
<i>Tradisyon</i>	3.29	0.87	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>
<i>Kaugalian</i>	3.28	0.82	<i>Di-gaanong Sumasang-ayon</i>

Batay naman sa tradisyon, ang nakalap na datos ay may *mean* na 3.29 at *standard deviation* na 0.87 na may interpretasyong di-gaanong sumasang-ayon. Sa naging resulta ng pag-aaral, ipinapakita na ang mga tradisyon na maaaring isagawa sa kani-kanilang bahay ay maaari pa ring maisakaturapan sa panahon ngayon. Nalilimitahan nga lang nito ang ilang nakasanayang gawin bilang tradisyon dahil sa mga umiiral na alituntunin sa panahon ng *social-distancing*. Sa aklat na "Introduction: Two Ideas of Tradition", binigyang pagpapakahulugan ang tradisyon sa dalawang ideya: una, ang tradisyon bilang kulturang paulit-ulit na isinasagawa at ikalawa ang tradisyon bilang ideya o konsepto. Sa unang pagtalakay ng tradisyon, isinasalarawan ang esensiya na nakapanatili at hindi nagagalaw sa pamamaraang paulit-ulit na pagsasakilos, pagsasagawa at pagsasabuhay. Samantalang ang ikalawang talakay hinggil sa tradisyon ay pawang proseso ng paghubog o pagbabagong bihis [14].

Panghuli, ang kaugalian ay may *mean* na 3.28 at *standard deviation* na 0.82 na may interpretasyong di-gaanong sumasang-ayon. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ipinapakita na bagaman ang buong mundo ay may kinahaharap na matinding suliranin, ang mga Laguneño ay handa at may kakayanan na makiayon sa hinihingi ng sitwasyon. Nagagawa pa rin ng mga mamamayan dito ang makapagdiwang at magkaroon ng selebrasyon ngunit may pag-iingat at isinasaalang-alang ang protocols na ipinatutupad. Sa kabilang banda, nalilimitahan pa rin ang kilos ng

bawat isa dahil sa pagpapatupad ng *social-distancing*. Karamihan sa mga mananaliksik ayon kina Solomon, Bamossy, Askegaard, at Hogg ay nagkakasundo na ang kaugalian ay mula sa tatlong bagay: impluwensiya, pamamaraan ng pagkilos at pag-iisip [15]. Kinokunsulta ng isang indibiduwal ang pansariling nararamdaman, kagustuhan at intensiyon na nais mangyari na kaugnay ng pananaw sa isang bagay o sitwasyon para sa pangkalahatang pakinabang.

Batay sa mga nakalap na datos mula sa mga tagasagot, kanilang nabanggit na sila ay nakapagsasagawa pa rin ng mga selebrasyon at pagdiriwang. Ngunit ang mga selebrasyon at pagdiriwang ay hindi na nakatuon o nakabatay sa mga nakaraang paniniwala, tradisyon at kaugalian na kanilang isinagawa noong wala pang pandemiya at wala pang *social-distancing protocols* na isinakatuparan ng Kagawaran ng Kalusugan noong 2020.

*Talahanayan 6. Makabuluhang Kaugnayan ng Profayl ng mga Tagasagot sa Pagpapanatili ng Kulturang Laguneño*

Kendall's Tau	paniniwala	tradisyon	kaugalian
edad	-.135	-.159*	-.131
kasarian	.061	.124	.082
kalalagayan	-.107	-.063	-.090
relihiyon	-.145	-.123	-.012
hanapbuhay	-.001	-.050	-.023
tirahan	-.041	.008	.090

Sa talahanayan 6 ay makikita na walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Ang profayl ng mga tagasagot ay nakabatay sa edad, kasarian, kalagayang sibil, relihiyon, hanapbuhay at tirahan. Ang pagpapanatili naman ng kulturang Laguneño ay nakabatay sa paniniwala, tradisyon at kaugalian. Bukod sa nakikita sa talahanayan na ito na walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño, makikita na ang edad lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa tradisyon.

Dagdag pa sa pagpapakahulugan sa tradisyon batay sa artikulo na *“Pictorial Meaning, Language, Tradition: Notes on Image Semantic Analyses by Kristóf Nyíri”* na nagpapaliwanag kung bakit at paanong nakapag-ambag ng malaki sa kasaysayan ng

tao ang tradisyon gaya ng pamamaraan ng pagsulat, paglilimbag, o kahit pa ang elektronikong mga midya ay nagkaroon ng malaking ambag sa pagbuo ng estruktura at pundasyon ng isang kaisipan at kung paano natin tingnan ang ating sarili maging ang mundong ginagalawan. [16]. Ang pagkakaroon ng tradisyon ang naghuhubog ng pansariling kalooban, pakikiayon sa takbo at daloy ng buhay, pagbabago sa mentalidad ng isang kaisipan, proseso ng pagbuo ng kasaysayan, pakikiambag sa pag-estrukturang pansarili, pakikisalamuha at modipikasyon ng konseptong pangkomunidad.

Batay sa kinalabasan, mahihinuha na walang direktibang kaugnayan ang pananaw ng mga tagasagot sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang hinggil sa edad, kasarian, kalagayang sibil, relihiyon, hanapbuhay at tirahan sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Bagaman wala itong kaugnayan, masasabi pa rin na nakatutulong ito upang malaman ang sitwasyon ng bawat isa sa kasalukuyan. Kung paano nakaaapekto ang sitwasyong kinahaharap sa pagyayaman ng kultura na siyang pagkakilanlan ng isang lahi.

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita na may makabuluhang kaugnayan ang *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Ang kaarawan, kapistahan, kasalan at Kapaskuhan na selebrasyon at pagdiriwang ay may makabuluhang kaugnayan sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon at kaugalian.

*Talahanayan 7. Makabuluhang Kaugnayan ng Profayl ng mga Tagasagot sa Pagpapanatili ng Kulturang Laguneño*

		paniniwala	tradisyon	kaugalian
Spearman's rho	Kaarawan	.368**	.426**	.453**
	kapistahan	.446**	.479**	.456**
	kasalan	.552**	.599**	.627**
	Kapaskuhan	.491**	.598**	.588**

Ang kultura ay pagmamay-ari ng isang pangkat ng tao. Ang mga taong kabilang sa pangkat na ito, ay nagpapakita sa isa't isa ng iisang gawi, kaugalian, kasaysayan, at karanasan [3]. Sa payak na pagpapakahulugan ng kultura, ito ay pagbabahagi ng iisang natutuhang gawain na nananatili at patuloy na ipinapasa. Samantala sa artikulong *“Co-creation Experience and Place Attachment: Festival Evaluation”*, binigyang ebalwasyon ang kapistahan bilang isang lugar-daluhan ng mga taong naghahanap

ng mataas na antas ng *satisfaction* o kasiyahan. Anila, dumadalo ang mga tao sa isang pagtitipon gaya ng kapistahan sa kadahilanang ang mismong lugar-daluhan ay nakakaengganyo o nakakaakit puntahan. Lokal man o turistang dayuhan ay nagiging mapili sa pupuntahang kapistahan batay sa kakayahang maihandog ng kapistahan sa mga naturang bisita na magsisipagdalo. Napatunayan sa ebalwasyon na walang ipinagkaiba ang mga lokal na residente sa kawilihang dumalo sapagkat ang layon nila ay maranasan pareho ang mga gawi at karanasang maihandog ng dinaluhang kapistahan [17]. Lumabas din sa pag-aaral ni Carada 2020, na masasabing ang mga pagdiriwang lalo't higit ay ang pagdiriwang ng mga kapistahan sa bawat lugar ay nakatutulong nang malaki sa patuloy na paggamit ng wika para sa pagpapayaman nito at maging sa pagpapanatili ng kultura [18].

Ayon sa artikulong “*Traditions in Organizations: A Custodianship Framework*”, ang pag-aaral sa tradisyon ay tumataas ang kahalagahan pagdating sa pagpapaliwanag ng malalawak na sakop na penomena gaya ng pakikisalamuha, pagkilala ng identidad, institusyonal na pananatili, at pagbabago ng larang [19].

Dagdag pa rito ang kaugalian ay abstraktong konsepto o paniniwala na siyang gumagabay at nag-aakay sa buhay ng isang tao na alamin at tahakin ang tamang landasin [20].

#### **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Mula sa naging resulta, mahihinuha na walang direktibang kaugnayan ang pananaw ng mga tagasagot sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang hinggil sa edad, kasarian, kalagayang sibil, relihiyon, hanapbuhay at tirahan sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño. Matapos makalap ang datos, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon. Una, walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon at kaugalian. Kaya naman ang unang hinuha ay “mananatili.” Panghuli, may makabuluhang kaugnayan ang pananaw ng mga tagasagot sa *social-distancing* na mga selebrasyon at pagdiriwang sa pagpapanatili ng kulturang Laguneño batay sa paniniwala, tradisyon at kaugalian. Kaya naman ang pangalawang hinuha ay “hindi mananatili.”

Batay sa kinalabasan at kongklusyon sa pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi ng mga mananaliksik.

1. Iminumungkahi ng mga mananaliksik para sa mga mamamayan ng piling bayan ng Laguna na may malaking papel at ginagampanan sa pagsasabuhay ng mga selebrasyon at pagdiriwang gaya ng kaarawan, kapistahan, kasalan at Paskong Pinoy, na maisagawa at maipagdiwang pa rin ang ganitong selebrasyon kahit sa pamamagitan lamang ng simpleng salo-salo kalakip ang matimping pagsunod sa health protocols upang sabay na nasusunod at naisasabuhay ang batas pangkaligtasan at kulturang nakasanayan.

2. Iminumungkahi ng mga mananaliksik sa mga kawani ng IATF o Inter-Agency Task Force at DOH o Kagawaran ng Kalusugan na sakaling bumaba na ang kaso at bilang ng mga nakakakuha ng sakit na COVID ay magbaba na ng isang malawakang kautusan na nagsasaad unti-unting panunumbalik sa normal na takbo ng buhay kalakip ang pagsunod sa hindi gaanong kahigpit na mga tagubilin upang makapagsagawa at makapagsabuhay ng mga selebrasyon at pagdiriwang na kung hindi ipanunumbalik ay tuluyang maglalaho at mawawala sa isang kultura.

3. Iminumungkahi ng mga mananaliksik sa mga taong tagapagtaguyod, tagapag-ingat at tagapagpanatili ng kultura na maglatag ng mga kaparaanan o programa upang patuloy pa ring maisagawa ang mga selebrasyon at pagdiriwang gaya ng kaarawan, kapistahan, kasalan at Paskong Pinoy na hindi naisasangkalan ang buhay at kaligtasan ng mamamayan upang hindi tuluyang maagaw ng pandemya ang mga nakasanayan ng kultura.

4. Iminumungkahi ng mga mananaliksik sa mga susunod na mananaliksik na mangyaring magsagawa ng pag-aaral na kaugnay nito lalo na sa kasalukuyang panahon na humaharap tayo sa krisis ng pandaigdigang pandemya at mananaliksik pang higit at mainam ukol sa pagpapanatili ng kultura lalo pa sa panahong tuluyan ng mawala ang sakit na Corona.

#### **SANGGUNIAN**

- [1] Bernales, R.A., Cordero, M.E.B., Balagat, R.B. & Goloso, H.E. (2019). Panitikan ng Pilipinas: Kasaysayan at pagsusuri. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc
- [2] Houkamau, C.A, Sibley, C.G, (2019), “The role of culture and identity for economic values: a quantitative study of Māori attitudes” New Zealand, NZ
- [3] (Schein, E. H. (1990). Organizational Culture, American Psychologist, 45, 109-119)



- [4] Bisa, S. P. (2009). *Wika at Kultura: Pagsasalang Nagpapakahulugan*. Malay, 22(1).
- [5] Golanski, F. N. & Józef Zawadzki. (N.D). *O wymowie i poezji* (Vol. 1).
- [6] Sanchez sa Aklat ni Gracia (2003). *Ang deskriptibong pananaliksik. Hinango sa* <https://www.scribd.com/document/357073629/Kabanata-III-Filipino>.
- [7] Villamin, N.C. (2003) "School Linkages as Perceived by the Elementary School Teachers in Tiaong District: It's Relationship to School Development" Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus Abril
- [8] Alibutod, V.E. "Multiple Intelligences Approach and Academic Performance of Freshmen Students of Hotel and Restaurant Management in the General Chemistry", Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus Oktubre (2008)
- [9] Escarda, C.C. "Involvement of Internal Stakeholders and School Development of Selected Public Elementary Schools in Mauba, Quezon", Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus Abril (2014)
- [10] Salzman MR.. Birthday. In: *The encyclopedia of ancient history*. John Wiley & Sons: Wiley Online Library; 2012
- [11] Duffy M., Mair J. (2017), "Festival Encounters: Theoretical Perspective on Festival Events", Unang Edisyon, London
- [12] Gannon M., Taheri B., Olyca H., (2019), "Festival Quality, Self-Connection and Bragging" *Annals of Tourism Research* Volume 76, Pages 239-252
- [13] Grönroos, G. (2013), "Two Kinds of Belief in Plato" *Journal of the History of Philosophy* 51 (1):1-19
- [14] Navari, C. (2021), "Introduction: Two Ideas of Tradition", *The International Society Tradition* pp13([https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-3-030-77018-1\\_1](https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-3-030-77018-1_1))
- [15] Solomon, M., Bamossy, G., Askegaard, S., & Hogg, M. K. (2010). *Consumer behavior: A European perspective* (4th ed.). New York, NY: PrenticeHall. (<https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/23311975.2017.1353231>)
- [16] Gábor Szécsi (2021), "Pictorial Meaning, Language, Tradition: Notes on Image Semantic Analyses by Kristóf Nyíri" *Studies in East European Thought*
- [17] Zhang C., Nang L., Li S., (2019), "Co-creation Experience and Place Attachment: Festival Evaluation" *International Journal of Hospitality Management*, 81, Pages 193-204
- [18] Carada, Imelda, (2020), *Pagdiriwang ng Coco Festival sa Lungsod ng San Pablo: Pagpapakahulugan at Pagpapanatili sa Wika at Kultura*
- [19] Dacin, M.T, Kent, P.A (2019), "Traditions in Organizations: A Custodianship Framework" *Academy of Management Annals*, 1 Briarcliff Manor, NY 10510-8020, USA Vol. 13, No. 1.
- [20] Daniel E, Bilgin AS, Brezina I, Strohmeier CE, Vainre M. (2014), Values and helping behavior: a study in four cultures. *Int J Psychol.* 50(3):186–192, *J Soc Issues.* 50(4):19–45.

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).